
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 20
Oktubre 21, 2020
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Mangahas na makibaka at magprotesta sa gitna ng pandemya

Ang panahon ng pandemya ay panahon ng protesta at paglaban ng bayan sa mga tiranong yumuyurak sa kanilang kalayaan, nagpapabaya sa kanilang kagalingan at nang-aapi nang may lupit na malala pa sa nagkalat na sakit.

Sa iba't ibang panig ng mundo, malawakang kumikilos ang mamamayan sa mga demokratikong pag-aaklas. Ipinamamalas nila na hindi hadlang ang pandemya sa pagsulong ng mga pakikibaka, manapa'y mahalagang makibaka sa harap ng pinatinding pang-aapi at panunupil sa tabing ng pandemya. Mula sa US, Indonesia, Thailand at iba pang bayan, milyun-milyong mamamayan ang bumubuhos sa lansangan upang labanan ang pasismo at tiraniya ng iilan.

Kinasangkapan niya ang militaristang *lockdown* para ipakontrol sa pulis at militar ang araw-araw na buhay ng taumbayan, pwersahang paglayu-layuin ang mga tao at pigilan silang magkaisa at lumaban. Dinikdik ni Duterte sa utak ng mga tao ang huwad na katwirang "bakuna lang ang solusyon" upang pagtakpan ang katotohanang hindi niya kayang pamunuan ang bansa sa panahong ito.

Mula't sapul, tulog sa pansitan ang kanyang rehimen. Sundalo, hindi duktor, ang namuno. Militaristang *lockdown* ang laging solusyon. Tinalikdan ng rehimeng Du-

*"Mangahas...," sundan sa pahina 2*

## 7 armas nakumpiska sa Surigao del Sur

PITONG ARMAS ANG nakumpiska ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Surigao del Sur sa walang putok na reyd sa istasyon ng Philippine Coast Guard (PCG) sa Barangay Wakat, Barobo, Surigao del Sur noong Oktubre 12. Lasing ang mga elemento ng PCG at bigo silang depensahan ang kanilang istasyon. Nakumpiska ng BHB ang .30 kalibreng *machine gun*, apat na ripleng M16, dalawang .45 pistola, limang *ammo vest*, dalawang radyong pangkomunikasyon at daan-daang bala.

Mabilis na nakontrol ng mga Pulang mandirigma ang kanilang target sa loob lamang ng ilang minuto. Ligtas ding nakaatras ang mga pwersa sa

*"7 armas...," sundan sa pahina 3*

*"Mangahas...," mula sa pahina 1*

terte ang responsibilidad nitong ipatupad ang mga hakbang para sa kaligtasan: walang libreng *mass testing*, walang libreng paggamot sa Covid-19. Kumita ang mga kapitalista at magnanakaw habang patuloy na kumakalat ang bayrus. Karamihan ng mga nahawa ay naghihigpit na lamang ng sinturon kaysa mamatay sa gastos sa ospital.

Sa pandemya, panunupil at pulitika ang prayoridad ni Duterte. Winasak ang ekonomya at kabuhayan ng masa. Nilubog sa utang ang bayan. Walang habas na pamamaslang, panunupil at paninindak laban sa mga kritiko. Maruming gera sa kanayunan. Malalaking kapitalista at mga kroni ang nakikinabang. Lalong mahigpit na kontrol sa kongreso. Walang-awat na mga hakbang para manatili sa pwesto.

Kumukulo ang dugo ng sambayanang Pilipino sa galit sa pagpapabaya, pagpapahirap at panunupil ng pasistang rehimeng Duterte. Walang kapantay na pasakit at pang-aapi ang dinaranas ng mga manggagawa, magsasaka, mga walang hanapbuhay, mga guro, nars, kawani, kabataan, Lumad at mga Moro. Naghahanap ng lagusan at naghihintay ng pagkakataon ang buong bayan na ipamalas ang naghihimagsik nilang damdamin laban sa tiraniya ni Duterte.

Nais ng buong bayan na makipagtuos sa naghaharing rehimen at puspusang makibaka laban sa terorismo, korapsyon at pambansang pagtatraydor ni Duterte. Nais nilang buong-lakas na labanan ang Anti-Terror Law, ang badyet para sa pasismo at *pork barrel,* ang mga proyektong pang-imprastrukturang pahirap sa masa, ang patakarang pagbawas sa sahod ng mga manggagawa, ang planong dagdag na buwis sa masa at kaltas buwis sa malalaking kapitalista, ang patakarang palaasa sa dayong pautang, ang planong baguhin ang konstitusyon at iba pang iskema para makapanatili ang pangkating Duterte sa poder.

Nasa balikat ng mga pambansa-demokratikong pwersa na pamunuan ang buong bayan sa kanilang paglaban. Responsibilidad nilang ipamalas ang tapang, militansya at talino sa harap ng sistematikong atake ng rehimen laban sa kanilang hanay. Habang nag-iingat sa pandemya, dapat ubos-kaya nilang sikapin na abutin, pukawin, organisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan. Dapat pamunuan nila ang malawakang pagpapakilos sa masa at ibuhos ang kanilang lakas sa lansangan—ang pangunahing larangan ng paglaban at pakikipagtuos sa tirano.

Malaki ang papel ng mga kabataan at estudyanteng Pilipino sa pagpukaw at pagpapakilos sa buong bayan. Dapat malikhain nilang magawang tipunin ang kanilang lakas kahit nakasara ang mga kampus at eskwelahan. Dapat itransporma sa materyal na pwersa ang panlipunang kamulatan ng mga kabataan at hangarin para sa demokrasya at kalayaan. Dapat silang magsilbing tinig ng buong bayan sa pakikibaka laban sa tiranikong kapangyarihan.

Krusyal ang papel ng mga manggagawa sa paglaban sa pasistang rehimeng Duterte. Sa lahat ng sektor sa kalunsuran, ang mga manggagawa ang may kakayahang magpamalas ng pinakamalaking pwersang sabay-sabay na nagmamartsa. Kailangang puspusang itransporma ang mga pabrika at mga komunidad tungong mga paaralan para itaas ang kaalaman at pagsusuri sa kalagayan ng bansa, mga problema ng masang manggagawa at mamamayang Pilipino at ang pangangailangang mapangahas na lumaban. Dapat abutin ang daan-daang mga pabrika, itayo ang mga unyon at asosasyon at pakilusin ang masang manggagawa para isulong ang kanilang kapakanan at ang interes ng buong bayan.

Ang malawakang pagkilos ng mga kabataan, manggagawa, magsasaka at mga maralita ang magsisilbing ubod ng malapad na pagka-

*"Mangahas...," sundan sa pahina 3*


ANG Bayan

Tomo LI Blg. 20 | Oktubre 21, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Mangahas na makibaka at magprotesta sa gitna ng pandemya 1

7 armas, nasamsam sa Surigao del Sur 1

Tagumpay ng mga unyon 3

IRR ng ATA, inilabas na 3

Buwan ng magsasaka, ginunita sa Mendiola 4

Laban! Mga protesta sa ibayong dagat 4

Lupa bilang kapital, di para sa pagsasaka 4

Hustisya para kay Baby River at Ina! 5

Bata, binaril ng militar sa Bukidnon 5

Pasakit na *distance learning* 6

Pagsasamantala ng Amazon sa mga Pilipino 6

Kalagayan ng migrante sa gitna ng pandemya 7

Sa madaling salita 8

Binabayo ng matinding krisis ang US 9

Yaman ng mga bilyunaryo, tumriple 9

Dumadaluyong na kilusang anti-rasismo 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Mangahas...," mula sa pahina 2

kaisa ng lahat ng iba pang demokratikong pwersa. Sa pamamagitan ng pagpapamalas ng tapang at militansya, tiyak na mailuluwal ang unos ng galit at protesta para sa kalayaan at demokrasya.

Habang isinusulong sa kalunsuran ang malawak na mga pakikibakang masa, patuloy na paiigtingin at palalawakin ng hukbong bayan ang pakikidigmang gerilya sa kanayunan upang parusahan ang mga armadong galamay ng pasistang rehimen. Habang mas maraming taktikal na opensiba, mas nababanat ang kaaway upang di maituon ang buong pwersa sa pagsupil sa bayan. Habang mas maraming tagumpay sa armadong pakikibaka, lalong tumatapang ang sambayanan na makibaka para wakasan ang tiraniya ni Duterte. AB

"7 armas...," mula sa pahina 1

kabila ng susun-susong mga tsekpoynt sa pambansang haywey.

Malaon nang inirereklamo ng mga mangingisda ang pangingikil sa kanila ng mga elemento ng PCG. Obligadong isurender ng mga mangingisda ang bahagi ng kanilang huli sa mga pasista. Isa pang reklamo ang pambubugbog ng PCG sa isang bata.

**Albay.** Apat na sundalo ng 49th IB ang patay at sampu ang sugatan sa pananambang ng BHB-Albay habang binabaybay ang hangganan ng mga Barangay Del Rosario at Tobgon, Oas noong Oktubre 17. Ang ambus ay tugon sa nagpapatuloy na nakapokus na operasyon ng 9th ID sa prubinsya.

**Bukidnon.** Apat na tropa ng AFP ang napatay habang tatlo ang nasugatan matapos silang pasabugan ng BHB-Bukidnon sa Barangay Salaysayon, Quezon noong Oktubre 9. Matapos ang labanan, walang patumanggang binomba ng AFP ang lugar.

**Misamis Oriental.** Pinaralisa ng BHB-Misamis Oriental ang tatlong trak at bus ng multinasyunal na korporasyong Del Monte Philippines, Inc. sa Sityo Talambao, Barangay Bulahan, Claveria, Misamis Oriental noong Oktubre 6.

Bago nito, hinaras din ng isang yunit ng BHB noong Oktubre 5 ang mga elemento ng CAFGU na nagsisilbing pwersang panseguridad ng mapandambong na operasyon ng Mindanao Energy (MINERGY), kumpanyang nagpoprodyus ng kuryente at nag-oopereyt sa Barangay Quezon, Balingasag.

Ang mga opensibang ito ay tugon sa mga nakapokus na operasyong militar ng AFP sa North Central Mindanao at sa patuloy na operasyon ng mga mapangwasak na plantasyon at minahan.

**Western Samar.** Patay ang CAFGU at notoryus na paramilitar na si Carlos Diaz sa ambus ng mga Pulang mandirigma sa Matuguinao noong Setyembre 28. Si Diaz ay kasapi ng grupong Dos na bantog sa pamamaslang ng mga sibilyan sa nasabing prubinsya. AB

## Tagumpay ng mga unyon, ipagbunyi

MATAGUMPAY NA NAPIRMAHAN ang *collective bargaining agreement* (CBA) sa pagitan ng United Coca-Cola Workers Union-IBM-KMU at maneydsment ng Coca-Cola Beverages Philippines Inc. sa Imus, Cavite noong Oktubre 16.

Bago nito, markado ang tagumpay ng ilang unyon sa Laguna sa paggigiit ng karapatan at kaligtasan ng mga manggagawa nang pabalikin sila sa trabaho noong Mayo. Naitulak, halimbawa, ng unyon sa Gardenia (pagawaan ng tinapay), ang maneydsment ng kumpanya na bigyan ng sahod ang mga manggagawang napilitang magkwarantina. Nagawa naman ng unyon sa Daiwa (pagawaan ng elektroniks) na igiit sa kumpanya na bigyan ang mga manggagawa ng 50% ng kanilang sahod noong unang ipatupad ang *lockdown.* Inani naman ng mga manggagawa sa Nexperia (pagawaan ng elektroniks) ang benepisyo sa kalusugan na naipagwagi ng kanilang unyon. Sa ilalim nito, naigiit nila ang pagkakaroon ng libreng *testing* sa mga manggagawa at iba pang benepisyo para gawing ligtas ang kanilang pabrika.

## IRR ng ATA, inilabas na

INILABAS NA NG Department of Justice ang Implementing Rules and Regulations (IRR) ng Anti-Terrorism Act (ATA) noong Oktubre 18. Laman nito ang mga detalye ng pasistang mga probisyon ng batas na dati nang itinakwil ng mamamayan.

Nakasaad sa IRR na hindi nito ituturing na terorismo ang pagprotesta at iba pang paggigiit sa mga karapatan, pero sa kundisyon lamang na wala itong layuning "sindakin ang publiko" o "magsiwalat ng mensahe ng takot" at kung anu-ano pang dahilan na maaaring arbitraryong itakda ng rehimen.

Binigyan nito ng walang limitasyong kapangyarihan ang itatalaga ng presidente na Anti-Terrorism Council na siyang magtutukoy kung sinu-sino ang mga terorista at oobligahin ang lahat na patunayang wala silang kasalanan. Wala itong pagkakaiba sa ginagawa ng militar sa kanayunan kung saan itinuturing na mga "myembro ng BHB" ang mga sibilyan at pinipilit silang "sumurender" para "linisin" ang kanilang mga pangalan. Labag ito sa pinakabatayang mga karapatang sibil at binabaliktad ang internasyunal na mga panuntunan ng mga prosesong hudisyal.

# Buwan ng magsasaka, ginunita sa Mendiola

Daan-daang magsasaka sa pangunguna ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at kanilang mga tagasuporta ang nagmartsa tungong Mendiola nitong Oktubre 21 bilang bahagi ng paggunita sa Buwan ng Magsasaka. Panawagan nilang "Wakasan ang pahirap, pabaya at pasistang rehimeng Duterte!"

Anila, *guilty* si Duterte sa mga krimen laban sa mga magsasaka. Naglakbay ang mga magsasaka mula sa Bulacan, Bataan, Pampanga, Tarlac, at Rizal at mga mangingisda mula sa Cavite para lumahok sa protesta.

Nagsagawa rin ng mga pagkilos ang mga magsasaka sa Batangas, Iloilo, Camarines Sur, Albay, Masbate at Sorsogon sa harap ng mga lokal na upisina ng National Food Authority para igiit na itaas ang presyo ng palay.

Bago nito, nagpiket ang mga myembro ng KMP sa harap ng Department of Agrarian Reform noong Oktubre 15 at 16.

**Manggagawang pangkalusugan**. Isang protesta sa mga ospital na tinaguriang "Protest from Ward" ang inilunsad noong Oktubre 9. Nakiisa rito ang mga manggagawa sa Philippine Children's Medical Center, National Center for Mental Health, Tondo Medical Center at iba pa.

Nagprotesta ang mga kasapi ng Jose Reyes Memorial Medical Center Employees Union noong Oktubre 13. Binatikos nila ang pagwawaldas ng pondo ng Department of Health na napag-alamang mayroong nakapondong na-*expire* na mga gamot at suplay na nagkakahalagang ₱2.2 bilyon sa kabuuan. Inalala rin nila ang kanilang lider na si Judyn Bonn Suerte na pumanaw noong Hulyo 31 matapos na mahawa ng Covid-19 habang nagseserbisyo sa naturang ospital.

**Manggagawa.** Nagpiket ang mga manggagawa ng Robina Farms kasama ang Kilusang Mayo Uno sa harap ng upisina ng National Conciliation and Mediation Board sa Intramuros, Manila noong Oktubre 12 para tutulan ang nagbabadyang tanggalan sa kumpanya. Planong tanggalin ng maneydsment ang 292 manggagawa ng Robina Farm 11 sa Antipolo City, Rizal sa pagdadahilang "nalulugi" na umano ang kumpanya.

**Maralitang-lunsod.** Nagmartsa ang iba't ibang progresibong organisasyon sa pangunguna ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap tungong Mendiola sa Maynila noong Oktubre 12 para tutulan ang napipintong mga demolisyon sa Intramuros, Tondo at iba pa. AB




**THAILAND**

Puu-puong libong Thai, karamihan kabataan, ang tuluy-tuloy na nagprotesta sa Bangkok mula pa Hulyo para igiit ang pagbibitiw ng kanilang punong ministro, paglusaw sa buong parlamento, at paglulunsad ng eleksyon at pagbubuo ng bagong konstitusyon. Nanawagan din silang ireporma ang monarkiya at tanggalin ang mga batas na nagbabawal sa pagtuligsa sa hari at iba pang pyudal na kautusan. Marami na sa mga lider nito ang inaresto at ikinulong. Nitong Oktubre, nagsimula na rin ang mga protesta sa iba pang dako ng bansa.

**INDONESIA**

Libu-libong manggagawa at kabataan ang lumahok sa tatlong-araw na pambansang welga mula Oktubre 8 laban sa bagong pasang Omnibus Job Creation Bill. Nakasaad sa panukalang ito ang pagbabawas ng dating nakatakdang *severance pay* nang lampas kalahati at pagtatanggal sa pambansang minimum na sahod bilang pabor sa papasok na mga kumpanya sa pagmimina. Marahas na pinagbubuwag ng mga pulis ang mga rali sa mga sentrong syudad ng bansa at daan-daan ang inaresto.

## Lupa bilang kapital, di para sa pagsasaka

ANIMO'Y KAMPEON NG repormang agraryo ang World Bank sa tulak nitong ipatitulo ang mga indibidwal na parsela ng lupa, isang matagal nang giit ng maliliit na magsasaka. Sa Africa, Latin America at Asia, pinopondohan nito ang pagpapabilis ng mga proseso para diumano pasiglahin ang pamumuhunan sa agrikultura.


Sa Pilipinas, inaprubahan nito noong Hulyo ang $370 milyong pautang para sa iskemang Support to Parcelization of Lands for Individual Titling (SPLIT) ng rehimeng Duterte. Target ng iskema ang buwagin ang mga titulong sama-samang pinagmamay-ari ng maraming benepisyaryo o ang mga tinatawag na "*collective certificate of land ownership award* (CLOA)." Ayon sa datos ng estado, 53% lamang ng mga lupang ipinamahaging sa nakaraang halos apat na dekada ang may indibidwal na titulo. Ang 1.4 milyong ektarya, na ipinamahagi sa 750,000 magsasaka, ay saklaw ng iba't ibang kolektibong CLOA.

Ang pinakalayunin ng pamimigay ng indibidwal na titulo ay para padulasin ang balwasyon, pagbebenta at kalauna'y kumbersyon ng mga lupang agrikultural. Ito ay para ikutan ang limitasyon ng mga titulong kolektibo na hindi maaaring gamitin bilang kolateral sa pangungutang sa mga bangko at sa gayon ay hindi maaaring maremata. Padudulasin din nito ang paniningil ng buwis sa ari-arian ng mga lokal na pamahalaan. Dagdag pabigat ito sa mga magsasakang baon sa utang dulot ng matataas na gastos sa produksyon at mababang presyo ng mga produktong agrikultural.

# Hustisya para kay Baby River at Ina!

Lumalaganap ang panawagang hustisya at pagbatikos sa makahayop na pagtrato ng rehimeng Duterte sa detenidong pulitikal na si Reina Mae (Ina) Nasino at kanyang tatlong-buwang sanggol na si River na pumanaw noong Oktubre 9 sa sakit na *acute respiratory distress syndrome*.

Ito ay matapos ilang beses na ipinagkait ng mga upisyal ng rehimen ang karapatan ni Reina Mae na makasama at maalagaan ang sanggol. Una, hindi siya pinayagang magtagal sa Dr. Jose Fabella Memorial Hospital nang siya ay manganak. Pwersahan silang pinaghiwalay matapos ang isang buwan, sa panahong kailangang-kailangan ng sanggol ang gatas ng ina. Nang magkasakit ang sanggol, ilang ulit tinanggihan ng rehimen ang mga petisyong inihain ng mga abugado ni Reina Mae para makita nang buhay ang anak sa huling pagkakataon.



Huli na nang payagan ng rehimen si Ina na makabisita sa anak, subalit imbes na tatlong araw, tig-tatlong oras lamang sa lamay at libing ang ibinigay sa kanya. Pinagsuot ng PPE, nakaposas at bantay-sarado siya ng mahigit 40 armadong gwardya at pulis nang unang bisitahin ang burol ng anak noong Oktubre 13.

Sa araw ng libing noong Oktubre 16, minando ng mga pulis ang sinasakyan ng kabaong ni River at itinakbo ang labi. Hinarang din ng may 100 pulis at tauhan ng BJMP ang pamilya at mga tagasuporta ng mag-ina sa pakikiisa sa martsa para manawagan ng hustisya. Hanggang sa sementeryo ay hindi tinanggal ng mga gwardya ang posas ni Reina Mae para man lang mahawakan sa huling pagkakataon ang sanggol. Upang kundenahin ang pagmaltrato ng pulis, nagprotesta ang mga kaanak at tagasuporta ng mag-ina sa sementeryo kasabay ng libing.

Iligal na inaresto si Reina Mae, kasama ang dalawa pang aktibista sa loob ng upisina ng Bayan-NCR sa Tondo, Maynila noong Oktubre 31, 2019 sa isang malawakang *crackdown* laban sa mga aktibista. Sinampahan sila ng gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives*. AB

# Bata, binaril ng militar sa Bukidnon

Sugatan ang isang bata sa walang patumanggang pamamaril ng mga sundalong pinaniniwalaang kasapi ng 8th IB sa Upper Pulangi, Barangay Indalaza, Malaybalay City, Bukidnon noong Oktubre 16.

Isinagawa ang pang-aatake bilang ganti sa taktikal na opensiba ng mga Pulang mandirigma. Sa loob ng isang oras, inistraping ng mga sundalo ang mga bahay, kubo at sakahan sa erya at tinarget ang sinumang makita. Kabilang sa pinaputukan si Jemlyn Liaban, 10-taong gulang, na natamaan ng bala sa paa, at si Jessica Limpyo na karga noon ang kanyang sanggol. Nag-aani ng mais ang mga biktima kasama ng siyam pa nilang kaanak nang maganap ang pamamaril.

Matapos nito, dumiretso ang mga sundalo sa sentro ng barangay at binugbog ang residenteng si Titi Limbos. Hinamon din nila ng suntukan ang lider ng Matripona, isang lokal na relihiyosong grupo. Naiulat din na kinanyon ng militar ang lugar noong Oktubre 15 at 16.

Sa Camarines Sur, pinaslang ng 83rd IB ang sibilyang si Joana Marpiga sa kanyang bahay sa Barangay Mangga, sa bayan ng Bato. Inakusahan siyang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

**Pambobomba.** Noong Setyembre 30, kinanyon ng 20th IB ang palayan ng mga residente sa Sityo Canonghan, Barangay Osmeña, Palapag, Northern Samar. Tumagal ito nang halos 15 oras. Inistraping din ng militar ang taniman ng mga magsasaka sa Barangay Bagacay.

Bago nito, apat na beses na nagpakawala ng mortar ang mga sundalo sa Oras River at Barangay Siljagon sa bayan ng Mapanas. Ipinailalim din ng 20th IB sa kontrol nito ang naturang barangay sa tabing ng "Retooled Community Support Program." Pinagbabawalan ang mga magsasaka na lumabas para mag-ani ng palay at arbitraryong inaaresto ang mga lumalabag.

Sa Western Samar, nawasak ang bahay ng isang magsasaka at namatay ang kanyang dalawang alagang aso sa panganganyon ng 19th IB sa Barangay San Isidro, Matuguinao noong Setyembre 26. Tinamaan din sa panganganyon ang bahagi ng komunidad na malapit sa eskwelahan.

**Pag-aresto.** Arbitraryong inaresto ng 8th IB ang 16 na residente ng Sityo Ulayanon, Barangay Kalabugao, Impasug-ong, Bukidnon noong Agosto. Dinala sila sa kampo ng batalyon sa Impasug-ong at idinetine nang halos isang linggo para piliting "sumurender."

Sa Surigao del Sur, hinarang ang sasakyan at inaresto ng mga elemento ng pulisya at 36th IB ang limang manggagawa ng ABI, isang kumpanya sa konstruksyon, noong Oktubre 14 sa Sityo Hubason, San Vicente, Carmen. Inakusahan silang nagdadala ng mga gamit pampasabog at suplay ng BHB. AB

# Pasakit na *distance learning*




Bangungot ang pinagdaanan ng mga guro, estudyante at magulang sa unang tatlong linggo ng "*distance learning*" mula Oktubre 5. Sila ang dumanas ng hirap sa patung-patong na problema at pasakit bunsod ng kapabayaan ng rehimeng Duterte sa pagharap sa Covid-19 at mga epekto ng pandemya sa edukasyon. Lalong pinatampok ng malulubhang problema sa *distance learning* ang kapalpakan ni Duterte.

Ipinagmayabang ni Sec. Leonor Briones ng Department of Education (DepEd) na matagumpay umano ang pagbabalik-eskwela ng mahigit 24 milyong estudyante. Sa kabila ito ng tambak na mga reklamo pangunahin sa kakulangan ng mga modyul at mga depekto nito, usad-kuhol na signal ng *internet* at kakulangan ng mga kagamitan para sa mga estudyante, pambubusabos sa mga guro at iba pa.

Kulang na kulang ang mga inimprentang modyul ng DepEd. Natulak na ang maraming guro sa mga pampublikong paaralan na mag-imprenta ng sarili nilang mga modyul at ipamahagi ang mga ito sa mga estudyante gamit ang sariling pondo. Napakaliit ng inilaan na badyet ng sentral na upisina sa mga paaralang distrito.

Noong Oktubre 14, inamin mismo ng upisyal ng DepEd sa Kongreso na imposible ang pagtutuluy-tuloy ng *blended learning* gamit ang modyul. Mangangailangan ng 1.1 bilyong modyul para sa lahat ng 22.4 milyong estudyante sa tatlong buwan pa lamang. Dahil dito, mapipilitan ang DepEd na ilipat sa *digital learning* ang mga estudyanteng nakaasa sa modyul. Mahigit 70% ng mga nag-enrol ay piniling mag-aral gamit ang mga modyul dahil wala silang mga *gadget* at *internet.*

Inirereklamo rin ng mga estudyante at kanilang mga kapamilya ang pagtatambak ng mga asignatura nang walang sapat na tulong sa pagsagot sa mga ito. Ayon sa ACT Teachers Partylist, huwag isisi sa mga guro ang *burnout* o *stress* na nararamdaman ng mga estudyante at magulang dahil bunsod ito ng pagpupumilit ng DepEd na ipatupad ang kurikulum na ginawa para sa *face-to-face* (harapan) na pag-aaral at di para sa *distance learning.*

Bigo ang DepEd hindi lamang sa pagbibigay ng sapat at dekalidad na mga modyul, kundi sa mas batayan pang pagbubuo ng nararapat na kurikulum na angkop para sa bagong sistema ng pag-aaral. Wala ring malinaw na gabay ang DepEd para sa oras ng paggawa ng mga titser, at sa halip ay inobliga silang laging naka-"on" o pwedeng tawagan—24 oras, pitong araw sa isang linggo—sa mga katanungan ng mga estudyante at kanilang mga magulang. Pinagmadali sila sa paggawa ng mga modyul para sa telebisyon na umaabot ng mahigit 200 bidyo kada linggo, pero walang sapat na suporta sa kanila.

Walang inilaang pondo ang DepEd para sa kaligtasan ng mga guro. Sa Cagayan Valley, naiulat ang pagkahawa ng mahigit 200 guro na namahagi ng modyul nang walang proteksyon laban sa Covid-19. AB

---

## Pagsasamantala ng Amazon sa murang lakas-paggawa sa Pilipinas

SA NAKARAANG ANIM na buwan, panawagan ng mga *call center agent* sa sangay ng Teleperformance sa Cebu, na dagdagan ang mga hakbang sa kanilang upisina para umangkop sa mga hamon na dala ng Covid-19, Ang Teleperfomance ay isang kumpanyang French na kinontrata ng Amerikanong kumpanyang Amazon bilang *call center* nito. Mayroon itong 22 upisina sa Pilipinas.

Noong Abril, inireklamo nila ang kakulangan ng akomodasyon sa kanilang trabaho at kahirapan sa transportasyon dulot ng pagbabawal sa pamamasada ng dyip at *curfew*. Hindi sila pinayagang magtrabaho sa bahay dahil sa patakaran ng Amazon laban dito. Matapos magreklamo, lalupang lumala ang kanilang sitwasyon.

Imbes na bigyan ng angkop na matutuluyan, ipinagbawal ng kumpanya ang pagtulog sa sahig sa upisina at pinwersa silang mangupahan sa kalapit na erya. Dahil dito, 20% ng kanilang sahod ay napupunta sa upa.

Patuloy silang pinagtatrabaho sa masisikip na naka-*aircondition* na upisina kung saan imposible ang *physical distancing.* Hindi regular ang disimpeksyon sa kanilang mga mesa at ginagamit na mga kompyuter. Marami na ang nag-ulat ng sintomas tulad ng ubo at lagnat, pero hindi sila pinapansin. Walang *mass testing.* Ang mga nahawa ay pinauuwi lamang at hindi sinasahuran. Hindi alam ng mga manggagawa kung maayos bang iniuulat ng kumpanya ang kalagayan sa Department of Health.

Kabilang ang Teleperformance sa mga kumpanyang pinayagang manatiling bukas sa buong panahon ng pandemya, kahit pa hindi ito "esensyal" sa lokal na ekonomya.

# Kalagayan ng mga migrante sa gitna ng pandemya

Kabilang ang sektor ng mga migranteng Pilipino o *overseas Filipino worker* (OFW) sa pinakamatinding hinahagupit ng pandaigdigang resesyong idinulot ng pandemyang Covid-19. Ngayong buwan, umabot na sa 250,000 OFW (o halos sangkatlo sa kabuuang bilang) ang natulak na umuwi sa Pilipinas matapos na mawalan ng trabaho. Kabilang sila sa aabot sa 400,000 OFW na nawalan ng trabaho sa panahon ng pandemya. Tinatayang lolobo pa ang bilang ng mawawalan ng trabaho tungong isang milyon hanggang sa susunod na taon.

Sa pinakahuling datos ng reaksyunaryong gubyerno noong Oktubre 17, umabot na sa 11,146 ang kabuuang bilang ng mga migranteng nagpositibo sa Covid-19. Sa kabuuan, tinatayang may 811 OFW na ang namatay dahil sa bayrus.

Malaki ang epekto ng pagkawala ng trabaho ng mga OFW sa kanilang mga pamilya dahil kalakhan sa kanila ay pangunahing nakaasa sa remitans para tustusan ang kanilang mga batayang pangangailangan. Ayon sa Consumer Expectation Survey ng reaksyunaryong estado, 94% sa mga pamilya ng mga OFW ang nakaasa sa remitans bilang pantawid sa gastusin sa pagkain at bahay, 67% sa edukasyon, 51% sa gastusing medikal at 17% bilang pambayad-utang.

Nagresulta ang malawakang disempleyo sa hanay ng mga migrante sa pagbagsak ng kabuuang remitans sa bansa sa nakalipas na walong buwan. Ayon sa pinakahuling ulat ng Bangko Sentral ng Pilipinas, bumaba ito nang $585 milyon (₱29.3 bilyon) kumpara sa naitalang $22 bilyon (₱1.1 trilyon) sa parehong mga buwan noong 2019. Inaasahan pa ang ibayong pagbulusok nito kasabay ng patuloy na pananalasa ng pandemya at pagsasara ng mga negosyo sa iba't ibang panig ng daigdig. Itutulak ng problemang ito ang apektadong pamilya ng mga OFW na mas maghigpit ng sinturon sa gitna ng krisis.

Para palabasing may malasakit ang rehimen sa sektor, ipinagmamalaki ng Department of Labor and Employment (DOLE) noong Oktubre 16 na naayudahan na umano nito ang 291,952 apektadong migrante sa ilalim ng programang tinaguriang "Abot Kamay ang Pagtulong" (AKAP). Dumaraing ang mga OFW na lubhang napakaliit at kulang ang ₱10,000-ayudang kanilang natanggap para maitawid ang kanilang mga pamilya. Kung hahatiin sa walong buwan na nawalan sila ng trabaho, katumbas lamang ang ayuda ng ₱42-kompensasyon kada araw. Sasapat lamang ito para makabili ng isang kilong bigas.


Ang daan-daan libong migranteng nakauwi na sa kanilang mga prubinsya ay naging bahagi na ngayon ng lokal na hukbo ng mga walang trabaho. Gaya ng iba pang mga manggagawa, marami sa kanila ang dumidiskarte na lamang ng mapagkakakitaan para maitawid ang krisis. Gamit ang natitirang impok, ang ilan sa kanila ay nagtayo ng maliitang mga tindahan at iba pang negosyo.

Samantala, daanlibong OFW pa ang nananatiling istranded sa mga bansang kanilang pinagtatrabahuan at nakararaos lamang sa pamamagitan ng inisyatiba ng kapwa nilang migrante at mga donasyon. Halimbawa nito ang libreng pamamahagi ng pagkain, gamot at iba pang materyal na ayuda ng mga balangay ng Migrante at mga kapatid nitong organisasyon. Mas madalas, wala silang napapala sa mga Pilipinong upisyal ng embahada. Para sa marami sa kanila, hindi opsyon ang pagbalik sa Pilipinas. Limitado at napakamahal ng pamasahe sa eroplano. Marami ang hindi pa nakababayad sa kanilang *placement fee* (bayad sa ahensyang naglabas sa kanila sa bansa) na umaabot nang $10,000 (₱500,000).

Higit pa rito ang dinaranas ng mga migranteng walang papeles o iligal na nagtatrabaho sa ibang bansa. Kalakhan sa kanila ay nagtatrabaho sa ilalim ng kaayusang "no work, no pay" bilang mga tagalinis, *caregiver* at tagabigay ng iba pang personal na serbisyo. Dahil walang papeles, hindi sila kwalipikadong tumanggap ng mga benepisyo tulad ng subsidyo para sa mga nawalan ng trabaho, serbisyong pangkalusugan at iba pang ayuda. Mula nang ipataw ang mga *lockdown,* nananatili sila sa bahay ng kanilang mga amo, kung saan pinagtatrabaho sila nang lampas sa itinakdang oras ng paggawa nang walang bayad. Hindi sila makauwi, dahil walang kabuhayan ang kanilang mga pamilya sa Pilipinas. AB




## SA MADALING SALITA



# 7 sa bawat 10

**babaeng Pilipino** ay **nakararanas** ng **pambabastos** *online*, **karamihan** may **edad 15-20.**



# 60%


**pagtaas** ng bilang ng mga **tawag sa** ***hotline*** para sa mga **taong dumaranas** ng **problema sa pag-iisip** o ***mental health problem*** sa panahon ng **pandemya.**

Nangangahulugan ito ng mas maraming tao ang **dumaranas ng depresyon,** ***anxiety*** at/o **kagustuhang magpakamatay.**

Pinagkunan: National Center for Mental Health, Oktubre 2020.

# 690 MILYON

**bilang** ng **mga taong natutulog nang gutom araw-araw** sa **buong mundo** dahil sa **kawalan ng pagkai**n.



Pinagkunan: Food and Agriculture Organization

# 115 MILYON

tinatayang **makararanas** ng **labis** na **kahirapan** sa **buong mundo** ngayong **2020.**

Pinagkunan: World Bank, Oktubre 2020.

# 1 sa bawat 4

na **manggagawang kabataan** sa **buong mundo** ang **nawalan ng trabaho** sa **panahon ng pandemya.**

Pinagkunan: International Labor Organization, Agosto 2020

# 53%

o **3,388** sa **6,321** na **namatay sa Covid-19** ay **di na umaabot sa ospital** at

# 75%

sa mga kritikal ay **di na pinaoospital** kahit may mga kama pa diumano para sa kanila.

Pinagkunan: Department of Health, Oktubre 2020.

**Hindi bababa sa**

# 289


**Napaslang na pasistang tropa** ng **rehimeng Duterte** o katumbas ng

**1 maliit na batalyon**

sa mga **armadong labanan** sa **BHB** simula **Enero** hanggang **Oktubre.**

# Oktubre 20, 2018

**Araw na minasaker** at **sinunog** ng mga **paramilitar** ang **siyam na magsasaka** na bahagi ng bungkalan sa **Hacienda Nene, Sagay, Negros Occi-dental** sa insidenteng tinawag na **Sagay Masaker**.




# $20.63 TRILYON

**Tinatayang aabutin** ng **pederal na utang** ng **US ngayong taon.**

**Mas malaki** na ito (**106%**) **kumpara** sa **lokal** na **ekonomya ng bansa.**

# Binabayo ng matinding krisis ang imperyalismong US

Milyong Amerikano ang nakatakdang bumoto sa ika-59 na eleksyon sa pagkapangulo sa darating na Nobyembre 3. Gaganapin ang eleksyong ito sa gitna ng pandemya at rumaragasang kilusang kontra-rasismo na ibinunga ng nagpapatuloy na brutalidad at sistematikong pang-aapi ng lipunang Amerikano sa mga Itim. Ang dalawang ito, kasabay ng matinding krisis ng kapitalismo na namayani bago ang pandemya, ang kinasasadlakan ngayon ng mamamayang Amerikano.




Magkatapat sa eleksyon sina Donald Trump, kasalukuyang presidente at kinatawan ng partidong Republican, at Joseph Biden, kinatawan ng partidong Democratic. Marami ang nangangambang dadayain ni Trump ang eleksyon at hindi siya bababa sa pwesto kahit matalo siya sa botohan. Batay ito sa paulit-ulit niyang deklarasyon na ang tanging paraan para siya matalo ay kung madadaya ang eleksyon.

Noong Agosto, idineklara niya na ang tanging paraan para matalo siya ay kung dayain ito.

Sa maraming sektor at lugar, unti-unti nang tumataas ang bilang ng mga handang bumoto kay Biden para lamang matanggal sa pwesto si Trump. Itinuturing nila itong "paunang hakbang" sa pagtutulak ng mga reporma at pagbabago para sa kapakanan ng mga manggagawang Amerikano. Nakikita rin nila itong pagkakataon para patatagin ang kanilang hanay at igiit ang kanilang makatarungan at matagal nang mga hinaing sa sahod, trabaho, edukasyon, pabahay, higit na pagkakapantay-pantay at iba pang karapatan laluna sa gitna ng pandemya.

**Di maapulang pandemya**

Isa ang US sa mga bansang hanggang ngayon ay hindi pa nakahuhulagpos sa pandemyang Covid-19. Ayon sa Lancet, isang pahayagang medikal, palpak ang US sa pagsawata sa pandemya dulot ng di konsistent at di malinaw na tugon ng gubyerno nito. Ito ay sa kabila ng pagkakaroon ng US ng abanteng mga ahensya sa pananaliksik at pagsawata ng mga sakit na kinikilala at ginagalang sa buong mundo.

Mula Mayo, ang US ang naging pandaigdigang sentro ng pandemyang Covid-19. Ito ang may pinakamataas na bilang ng mga nahawa (8.1 milyon) gayundin ng namatay (220,000).

Isinisisi ng malaking bahagi ng mamamayang Amerikano ang palpak na tugon ni Trump sa pandemya na binansagan nilang "populismong medikal." Noon pang Mayo nananawagan ang mga duktor sa Lancet na palitan na si Trump at palakasin ang mga ahensyang pangkalusugan tulad ng Center for Disease Control (CDC). Anito, bagamat may mga pagkakamali ang CDC sa simula, lalong umatras ang tugon ng US nang isinantabi ni Trump ang ahensya. Kabilang sa mga kahinaan ng US ang mga kamalian sa *mass testing,* paggamit ng di mapagkakatiwalaang *test kit* at lubhang mabagal na pagproseso at paglalabas ng resulta ng maraming *test.*

Alinsunod sa datos ng CDC, pinakaapektado ng Covid-19 ang mga Itim at mamamayang maykulay (hindi puti). Halos tatlong beses silang mas nahahawa, limang beses na mas naoospital at dalawang beses na mas namamatay sa Covid-19 kumpara sa mga puti. Dulot ito ng sistematikong diskriminasyon; kawalang akses sa serbisyong pangkalusugan; kawalang kaligtasan sa mga trabaho; malaking agwat sa kita, edukasyon at yaman; at kulang o masisikip na pabahay.

**Krisis sa kabuhayan**

Idinulot ng pandemya ang pinakamalalang krisis sa trabaho sa kasaysayan ng US. Mahigit 58 milyong katao sa bansa ang nagdeklarang nawalan sila trabaho mula Mayo. Sa isang panahon, umabot sa 150 milyong Amerikano ay kinailangang abutan ng subsidyo para itawid ang kani-kanilang mga pamilya. Pinakamarami sa mga nawala ang mga trabahong mababa ang sahod sa sektor ng pagtitingi, personal na serbisyo, transportasyon at turismo. Dalawangkatlo sa mga trabahong ito ay ginagampanan ng kababaihan, at mayorya sa kanila ay babaeng maykulay.

Tinatayang 42% ng mga trabahong temporaryong nawala sa simula ng pandemya ay tuluyan nang mawawala. Noong Setyembre, naiulat na nasa 40%-45% pa lamang sa mga trabahong ginagampanan ng mga puti ang naibalik. Nasa 20% naman ng mga trabaho ng mga Itim at iba pang mamamayang maykulay ang narekober.

Kasabay ng kawalan ng trabaho ang pagbaba ng kita ng mga propesyunal at nagtatrabaho sa mga upisina. Sa isang pag-aaral noong Hulyo, tinatayang nasa 20 milyong manggagawa ang tumanggap ng mas mababang sahod. Mahigit 10 milyon ang kinaltasan ng sahod nang mula 5% hanggang 50%. Ang iba pa ay napilitang magtrabaho nang bawas ang oras sa ilalim ng mga pleksibleng kaayusan katulad ng "work from home."

Ang mataas na tantos ng walang trabaho ay nangangahulugan na mas maraming Amerikano ang nagugutom, nanganganib mawalan ng tirahan at walang akses sa batayang mga serbisyong sosyal, kabilang ang medikal.

Ayon sa mismong datos ng

*"Binabayo...," sundan sa pahina 10*

Naghuhumiyaw na agwat ng di pagkakapantay-pantay

# Yaman ng mga bilyunaryo, lumago pa sa panahon ng pandemya

Habang bumabagsak ang kita at nawawalan ng kabuhayan ang milyun-milyong Amerikano, lumobo naman ang yaman ng nangungunang mga bilyunaryo sa US. Ayon sa dalawang pribadong pananaliksik, tumaas nang $850 bilyon ang yaman ng mahigit 600 bilyunaryong Amerikano mula Marso hanggang Oktubre 12. Lagpas $1 trilyon ang pinagsamang nadagdag sa yaman ng 12 nangungunang bilyunaryong Amerikano. Doble ang halagang ito sa kabuuang ayuda na ibinigay ng gubyerno ng US sa 150 milyong Amerikanong nawalan ng trabaho mula Marso.

Nangunguna sa listahan si Jeff Bezos, may-ari ng Amazon, isang kumpanyang nagbebenta ng samut-saring produkto gamit ang *internet*. Nadagdagan ang kanyang yaman nang 40% o $73.2 bilyon. Ito ay habang libu-libo sa kanyang mga manggagawa ang naghihirap dulot ng di ligtas na mga kundisyon sa paggawa. Noong Setyembre, umabot na sa 20,000 manggagawa sa mga bodega ng Amazon ang nagkasakit ng Covid-19. Patuloy ang pambabarat niya sa sahod ng mga trabahador, na karamihan ay kontraktwal at kulang ang mga benepisyo.

Kasunod sa kanya si Elon Musk na nagmamay-ari sa kumpanyang Tesla, na kumita ng $67.4 bilyon, o halos triple ng yaman niya sa simula ng taon. Pwersahang kinaltasan ni Musk nang 10% hanggang 30% ang sahod ng lahat ng kanyang mga manggagawa mula pa Abril. Sinisante niya ang 3,000 at temporaryong di pinapasok nang walang bayad ang libu-libo pang iba.

Kasama nilang nakinabang ng husto sa pandemya sina Bill Gates (Microsoft), Mark Zuckerberg (Facebook) at Warren Buffet (Berkshire Hathaway).

Sa buong mundo, naiulat noong Oktubre 7 na lumobo ang kabuuang yaman ng 2,189 pinakamayayamang indibidwal (kasama ang naunang nabanggit) nang 27.5% sa loob lamang ng apat na buwan. Sumirit ito mula $8 trilyon noong Abril tungong $10.2 trilyon noong Hulyo na pinakamataas na naitala sa kasaysayan ng mundo.

Sa Pilipinas, pinakamalaki ang inilobo ng yaman ng burges kumprador na si Edgar Sia II, ang ika-21 pinakamayamang Pilipino. Lumobo ang kanyang yaman nang 75% o tumataginting na ₱14.6 bilyon sa loob lamang ng isang taon, mula ₱19.5 bilyon noong 2019 tungong ₱34.1 bilyon sa kasalukuyan. Si Sia ang may-ari ng CityMall, MerryMart at DoubleDragon Properties Corp. AB

*"Binabayo...," mula sa pahina 9*

rehimen noong Hulyo, 30 milyong Amerikano ang nagsabing dumaranas sila ng gutom, triple sa bilang noong nakaraang taon. Tinatayang 52 milyon naman ang walang katiyakan sa pagkain. Makikita ito sa milya-milyang pila sa mga *food bank* (mga namimigay ng pagkain) at ilang daang ulit na pagdami ng mga taong sineserbisyuhan ng mga *food kitchen* (mga kainang nagpapakain nang libre sa mga walang matirhan at iba pang mahihirap.)

Pinakamalala ang insidente ng gutom sa hanay ng mga bata, na tumaas nang 14 na beses kumpara sa nakaraang taon.

Sa unang mga buwan ng pandemya, nasa 27 milyong Amerikano na agad ang nawalan ng *health insurance*. Bukod pa ito sa milyun-milyong Amerikano na walang *health insurance* bago pa ang pandemya. Kasabay nito, 30 milyon hanggang 50 milyong Amerikano ang nanganganib na mawalan ng tirahan dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad ng upa. AB

## Dumadaluyong na kilusang anti-rasismo

MULA MAYO 22 hanggang Agosto 24, sa kasagsagan ng pandemya sa bansa, umabot sa 7,750 ang naitalang pagkilos ng Black Lives Matter (BLM) sa mahigit 2,000 lokasyon sa lahat ng 50 estado ng US. Kalakhan (93%) ng mga pagkilos na ito ay mapayapa, at humahantong lamang sa kaguluhan o karahasan kapag binubuwag ng mga pulis o pinanghihimasukan ng maka-Trump na mga indibidwal o grupo.

Sa mga pagkilos, 392 ang marahas na binuwag ng mga pulis at paramilitar sa utos ni Trump. Puu-puo naman ang ginulo sa pamamagitan ng sadyang pagsagasa sa mga tao ng mga rasistang indibidwal, pwersang panseguridad ng estado o myembro ng rasistang grupong paramilitar tulad ng Patriot Prayer, Three Percenters at Proud Boys na pawang masusugid na tagasuporta ni Trump.

Bagamat humupa na ang mga pagkilos mula sa rurok nito noong Hunyo, puu-puo pa ring pagkilos ang naitatala kada linggo.

Sumiklab ang kilusang BLM ngayong taon matapos mapatay ng mga pulis si George Floyd, habang inaaresto siya sa kaso ng paggamit ng pekeng pera, noong Mayo 25. Sa kabila ng dambuhalang mga demonstrasyon pagkatapos nito, nagpatuloy ang brutalidad ng pulis sa mga Itim, na nagresulta sa anim pang pamamaslang pagsapit ng Agosto 26. Kabilang sa mga biktima si Breona Taylor, isang paramedik na binaril ng mga pulis habang natutulog sa bahay dahil napagkamalan siyang kriminal.